


Mayroon na bang nakapagturo sa iyo mula sa Bibliya kung paano mo malalaman na ikaw ay tiyak na makapupunta sa langit kapag dumating sa iyo ang kamatayan?

ANG EBANGHELYO



Ang salitang “Ebanghelyo” ay nangangahulugang “mabuting balita.” Ito ay mabuting balita kung papaano ka magkakaroon ng personal na relasyon sa mapagmahal na Diyos na magbibigay ng kahulugan at layunin sa buhay na ito. Ito rin ang magbibigay sa iyo ng kasiguruhang makasama mo ang Diyos ng walang hanggan sa langit.

Maraming tao ngayon ang nagsasabing ipinapangaral nila ang Ebanghelyo, subalit magkakaiba ang kanilang katuruan.



Bakit tayo nakakapakinig ng iba’t ibang mensahe ngayon? Marami bang ebanghelyo? Ano ba talaga “Ang Ebanghelyo” ayon sa Bibliya?

Copyright © 1988 by Ronald R. Shea.
All Rights Reserved

Bago tayo magsimula, maari mo bang sagutin ang tatlong katanungan?

1. Ano ba ang naituro sa iyo patungkol sa ebanghelyo?

2. Kung ikaw ay mamatay ngayong gabi at humarap ka sa Diyos at tatanungin ka Niya: “Bakit kita papayagang pumasok sa Aking langit?” Ano ang iyong sasabihin?

3. Kung dumating sa iyo ang kamatayan ngayon, nakatitayak ka ba na pupunta ka sa langit?

Oo! Nakatitayak ako na pupunta ako sa langit.

Hindi, hindi ako nakatitayak na pupunta sa langit.

KASALANAN


Para maunawaan mo ang mabuting balita, ang relasyon sa pagitan ng Diyos at tao ay dapat maibalik, kailangan mo muna nang maunawaan kung papaanong ang relasyong ito ay nasira.

Ang Salita ng Diyos ay nagtuturo sa atin na:

Sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi nakakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. Mga Taga-Roma 3:23

Maging nang tayo ay mga patay sa mga kasalanan... Mga Taga-Efeso 2:5

Ang Diyos ay banal (malinis espirituwal) at ang tao ay makasalanan (marumi espirituwal). Gaya ng isang taong malinis pisikal ay hindi niya hahayaang lumapit sa isang patay, nabubulok at nangangamoy na hayop, gayundin naman ang sakdal at banal na Diyos ay hindi Niya hahayaan ang makasalananang tao sa Kanyang harapan. Ang tao ay patay dahil sa kasalanan!




PAGKAWALAY SA DIYOS

Ang resulta ng kasalanan ay malinaw:

Your sins have made a barrier between you and your God. Isaiah 59:2


ANG KASALANAN AY LUMIKHA NG HARANG NA NAGPAPAHIWALAY SA TAO AT SA DIYOS



Ang Diyos ay banal (malinis espirituwal) at walang hanggan. Kaya, Siya ay banal magpakailanman! Dahil dito, kahit ang pinakamaliit na kasalanan ay nagagalit ng walang hanggan sa Kanya. Kaya nga, ang Bibliya ay nagtuturo na kahit ang pinakamaliit na kasalanan ay sapat para maghiwalay ng walang hanggan sa tao at sa Diyos. Hindi hahayaan ng Diyos ang kasalanan sa Kanyang harapan.

ANG MGA PAGSISIKAP NG TAO AY WALANG KABULUHAN!

Ang tao ay palaging naghahanap ng paraan upang matawid ang pagitang na naghihiwalay sa kanya at sa Diyos. Sinubukan niyang sirain ang harang sa pamanagitan ng bautismo, mabubuting gawa, pagmamahal sa kapwa, mga sakramento, pag-anib sa simbahan o sekta, at iba pa. Subalit ang Biblia ay nagtuturo na walang gawa ng makasalanang tao ang puwedeng mag-alis sa harang na dulot ng kasalanan na maghihiwalay sa Diyos na Banal at sa makasalanang tao.



Ang sabi ng Biblia:

Sapagka't kaming lahat ay naging parang marumi, at ang lahat naming katuwiran ay naging parang basahang marumi.
Isaias 64:6


Sa pagsisikap mong linisin ang iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng iyong mga gawa ay wala itong magagawa katulad lamang ng paglilinis ng maruming mukha sa pamamagitan ng marumi at nagrasah na basahan. Walang anumang bagay na magagawa ang tao upang alisin ang kanyang mga kasalanan at tawirin ang harang na gawa ng kasalanan na naghihiwalay sa Diyos at sa tao. (Basahin din ang Hagai 2:12-14; Lucas 18:10-14; Mga Taga Roma 3:20; 3:27-38; 4:5; Mga Taga Galacia 3:10-11, 21)

ANG EBANGHELYO

Ang salitang “Ebanghelyo” ay nangangahulugang “Mabuting Balita.” Sapagkat hindi tayo makakalapit sa harapan ng Diyos dahil sa ating mga kasalanan, isinugo ng Diyos si Hesus upang mamatay para sa ating mga kasalanan at binuhay Siya ng Diyos mula sa mga patay sa ikatlong araw.

Mga kapatid, ipinaaalam ko sa inyo ang ebanghelyo... na si Kristo ay namatay para sa ating mga kasalanan ayon sa mga kasulatan; Siya rin ay inilibing at Siya ay ibinangon sa ikatlong araw ayon sa mga kasulatan.

1 Mga Taga-Corinto 15:1-4



DIYOS

ANG MABUTING BALITA AY NAMATAY SI KRISTO PARA SA ATING MGA KASALANAN AT NABUHAY NA MULI MULA SA MGA PATAY.

SINIRA NI HESUS ANG HARANG NA GAWA NG KASALANAN SA PAMAMAGITAN NG PAGKAMATAY SA KRUS PARA SA ATING MGA KASALANAN AT NABUHAY NA MULI MULA SA MGA PATAY.

Maraming tao ang tunay na naniniwala na si Hesus ay namatay at nabuhay na muli mula sa mga patay, pero ano ang ibig sabihin ng Biblia ng sabihin nito na si Hesus ay namatay “para sa ating mga kasalanan?” Paanong ang Kanyang kamatayan ay sumira sa harang na gawa ng kasalanan sa pagitan ng Diyos at ng tao?

ANG PROBLEMA: KAILANGAN HATULAN NG DIYOS ANG MGA NAGTATAGLAY NG SALA

Sinasabi ng Biblia sa atin na dahil ang Diyos ay banal at makatarungan, kailangan Niyang hatulan ang mga nagtataglay ng sala.

Huwag ninyong hayaang dayain kayo ng sinuman sa pamamagitan ng mga walang kabuluhiang salita sapagkat sa mga bagay na ito ang poot ng Diyos ay dumarating sa mga anak na masuwayin.

Mga Taga-Efeso 5:6

Sapagka't ang poot ng Diyos ay inihayag mula sa langit laban sa lahat ng di-pagkama-ka-Diyos at di-pagkamatuwid ng mga tao, na hinahawakan ang katotohanan sa di-pagkamatuwid.

Mga Taga-Roma 1:18



IBUBUHOS NG
DIYOS ANG
KANYANG POOT
SA KASALANAN



Hinihingi ng katurungan ng Diyos na ang mga makasalanan ay dumanas ng matuwid na paghatol. (2 Mga Taga Tesalonica 1:8-9; Mateo 25:46; Apocalipsis 20:10) Paano tayo pinalaya ni Kristo sa poot ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay ipinaliwanag sa tatlong hakbang.

UNANG HAKBANG: PAGPAPARATANG PINASAN NI KRISTO ANG ATING MGA KASALANAN SA KANIYANG SARILI

Ang unang hakbang ng katubusan ng sangkatauhan ay ang pagpasan ni Kristo sa mga kasalanan ng buong mundo sa Kaniyang sarili sa krus. Nang si Hesus ay napako sa krus, kinuha ng Diyos ang lahat ng kasalanan ng sanlibutan (noon, ngayon, at sa hinaharap) at inilagay ("ipinaratang") ang mga ito kay Kristo.

At ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat.

Isaias 53:6

Dinala niya sa kaniyang sariling katawan ang ating mga kasalanan sa ibabaw ng kahoy...

1 Pedro 2:24

Sapagka't Siya (Hesus) ay ginawa Niyang (Diyos Ama) kasalanan para sa atin, na Siyang walang nakilalang kasalanan; upang tayo nawa ay maging katuwiran ng Diyos sa kaniya.

2 Mga Taga-Corinto 5:21

Sa hukuman ng langit, si Hesus ay diniklara na sala na dala ang kasalanan ng sangkatauhan




Kung kailangan hatulan ng Diyos ang mga nagtataglay ng sala. Sino na ngayon ang hahatulan ng Diyos?

IKALAWANG HAKBANG: PAGPAPALIT — SI KRISTO AY NAMATAY KAPALIT NATIN


Dahil kailangan hatulan ng Diyos ang mga nagtataglay ng sala, ibinuhos Niya ang Kaniyang poot kay Hesus kapalit natin. Si Hesus ang naging “kapalit” natin. Siya ay pinarusahan para sa ating mga kasalanan, at namatay sa ating lugar.

Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya. Isaias 53:5

Nang mag-iikasyam na ang oras, si ay sumigaw nang may malakas na tinig. Sinabi niya... "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" Mateo 27:46



**PINARUSAHAN NG
DIYOS ANG KAN-
YANG SARILING
ANAK, SI HESUS,
NA KAPALIT
NATIN**



IKATLONG HAKBANG: KASIYAHAN (ANG PAMAYAPA)

ANG KAMATAYAN NI KRISTO ANG NAGBAYAD NG BUO SA LAHAT NG ATING MGA KASALANAN, SA GAYON AY NAGBIGAY NG KASIYAHAN SA GALIT AT KATARUNGAN NG DIYOS.

Dahil si Hesus ay namatay na kapalit natin para sa ating mga kasalanan, ang katarungan ng Diyos ay napayapa. Si Hesus ang nagbayad para sa lahat ng kasalanan ng tao, kung kaya't ang sinuman na pipiliing tanggapin ang kabayaran na ito ay hindi na kailan man makakaranas ng walang hanggang poot ng Diyos na nararapat ibigay sa lahat ng kasalanan ng tao.

Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong [Diyos Ama] gagawin ang kaniyang [Hesus] kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan...Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan. Isaias 53:10-11

Nang matanggap na nga ni Jesus ang maasim na alak, sinabi niya: "Naganap na." Itinungo niya ang kaniyang ulo at ibinigay niya ang kaniyang espiritu. Juan 19:30

Ang mga salitang “Naganap na” sa katunayan ay isang kasabihang ginagamit sa Roma noong panahon ni Kristo kapag ang utang ay nabayaran ng buo (Kittel, vol. VIII, pp. 57-60). Nang isigaw ni Hesus ang mga salitang ito bago Siya mamatay, Siya ay nagpapahayag na Siya ay nakagawa na ng ganap, lubos, at buong kabayaran sa kasalanan. (Basahin din Mga Taga-Colosas 2:13-14).



DAHIL DITO, GINIBA NI HESUS ANG HARANG NA GAWA NG KASALANAN SAPAGITAN NG DIYOS AT TAO SA PAMAMAGITAN NG PAGBABAYAD PARA SA ATING MGA KASALANAN SA PAMAMAGITAN NG KANYANG KAMATAYAN SA KRUS.

Paanong ang kamatayan ni Hesus ay lubos na mahalaga na pwedeng magbayad hindi lamang ng lahat ng iyong mga kasalanan kundi ng lahat ng kasalanan ng lahat ng tao sa lahat ng panahon? Ito ay dahil...

SI HESUS AY DIYOS

Si Hesus ay Diyos! Siya ay walang hanggang kapantay sa lahat ng bagay ng Diyos Ama! Naging tao Siya upang mamatay para sa ating mga kasalanan, ngunit kailan man ay hindi nawala ang Kanyang pagiging Diyos!

Sumagot si Tomas at sinabi sa kaniya: “Akíng Panginoon at akíng Diyos.” Sinabi ni Jesus sa kaniya: “Tomas, sumampalataya ka dahil nakita mo ako. Pinagpala sila na hindi nakakita ngunit sumampalataya.” Juan 20:28-29

(Basahin din Juan 1:1, Juan 8:58-59 (cf. Exodo 3:13-14); Juan 10:30; 1 Kay Timoteo 3:16; Kay Tito 2:13; Mga Taga-Colosas 2:2,9; Hebreo 1:8)

Ang lahat ng tao na hindi kinikilala ang pagka-Diyos ni Hesus ay makatanggap nang walang hanggang kaparusahan. Ang sabi ni Hesus:

Sinabi niya sa kanila: Kayo ay mga taga-ibaba, ako ay taga-itaas. Kayo ay mga taga-sanlibutan, ako ay hindi taga-sanlibutan. Sinasabi ko nga sa inyo na kayo ay mamamatay sa inyong mga kasalanan. Ito ay sapagkat kung hindi kayo sumampalataya na ako nga iyon, mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan. Juan 8:23-24

(Basahin din Juan 11:25-27; 20:31; Mga Gawa 9:20, 16:30-31; 1 Juan 5:13)

BAKIT NAGKATAWANG TAO ANG DIYOS?

Sa ikalimang pahina ay natutunan natin na dahil ang Diyos ay walang hanggang banal, kahit ang pinakamaliit na kasalanan, ay walang hanggang nakagagalit sa Kanya. Dahil dito, ang walang hanggang kabayaran ay kinakailangang gawin para sa mga kasalanan ng bawat tao. Ngayon, may dalawang paraan upang maialok ang walang hanggang kabayaran: ang taong may hangganan ay maaaring magdusa sa poot ng Diyos para sa walang hanggang panahon, o kaya ang taong walang hangganan ay maaaring magdusa sa poot ng Diyos para sa may hangganang panahon. Pareho silang magbibigay ng walang hanggang kabayaran para sa kasalanan.

1. Ang tao, na may hangganan, sa gayon ay kinakailangang magdusa sa poot ng Diyos ng walang hanggan kung siya ay magbabayad para sa kanyang mga kasalanan. Kaya nga ang impiyerno ay walang hanggan.
2. Si Hesu-Kristo, ang walang hanggang Diyos sa anyong tao, ay kinakailangang magdusa sa poot ng Diyos sa may nakatakdang panahon. Dahil Siya ay Diyos, ang pagdurusang Kanyang tinamo sa krus ay sakripisyong may walang hanggang halaga. Samakatuwid, ang Kanyang kamatayan ang magagamit para sa walang hanggang kabayaran na kinakailangan para mabayaran ang mga kasalanan ng lahat ng mga tao sa lahat ng panahon.

Ang walang hanggang kabayaran ay kailangang gawin para sa mga kasalanan ng bawat tao. Ipinahintulot ng Diyos na ang bawat tao ay magdesisyon kung anong kabayaran ang kanyang pipiliin ... si Hesu-Kristo o walang hanggan sa impiyerno.

PANANAMPALATAYA: ANG TUGON NG TAO KAY KRISTO


Ginawa ni Hesus ang lahat ng gawain na kinakailangan para maligtas ang tao sa kanyang mga kasalanan. Gayon pa man, bago natin maranasan ang mga pakinabang na ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo sa krus. Nais ng Diyos na paniwalaan (pagtiwalaan) natin si Hesus, at kung ano ang Kanyang ginawa sa pamamagitan nang Kanyang kamatayan.

Alam natin na ang isang tao ay hindi pinapaging-matuwid sa pamamagitan ng garwa ng kautusan kundi sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo Jesus. Tayo rin ay sumampalataya kay Kristo Jesus upang tayo ay mapaging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo at hindi sa pamamagitan ng pagsasagawa ng kautusan. Kaya nga, walang sinumang mapapaging-matuwid sa pamamagitan ng pagsasagawa ng kautusan. Mga Taga-Galacia 2:16

Sapagka't gayon inibig ng Diyos ang sanlibutan, na ipinagkaloob niya ang kaniyang bugtong na isinilang na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kaniya ay hindi dapat mapahamak, kundi magkaroon ng walang-hanggang buhay.

Juan 3:16

(Sa katunayan, mayroong mahigit 160 bersikulo sa Bagong Tipan ang nagsasabi na ang tanging kondisyon para makamit ang buhay na walang hanggan ay ang pananampalataya kay Hesu-Kristo. Ang ilan sa kanila ay Juan 1:7, 1:12, 3:18, 5:24, 6:39, atbp.)



PANANAMPALATAYA

Ang pananampalataya (pagtiwala) ay ang kamay kung paano natin aabutin at tatanggapin ang buhay na walang hanggan na ibinibigay nang walang bayad sapamamagitan ni Hesu-Kristo.

BIYAYA: WALANG BAYAD NA REGALO

Ang ibig sabihin ng salitang “biyaya” ay isang bagay na ibinibigay ng libre...walang bayad o pananagutan. Halimbawa, kung ang matalik mong kaibigan ay binibigyan ka ng regalo at nais mong bayaran ito sa kanya, masasabi mo pa rin ba itong regalo? Siyempre hindi. Ito ay nagiging kanyang utang sa iyo sa sandaling tanggapin niya ang pera mo! Ang iyong kaibigan, ay maaaring mainsulto, bawiin ang regalo at sabihin na: “Hindi ko ibinibigay sa iyo ang regalong ito dahil kailangan kong gawin ito. Ito ay regalo. Tinatanggap mo ba ang aking regalo o hindi?”

ANG REGALO: SA ORAS NA MAGBIGAY KA NG ISANG BAGAY NA KAPALIT NITO, HINDI NA ITO MAITUTURING NA REGALO. ITO AY NAGIGING UTANG!



Ngayon sa kaniya na gumagawa ang gantimpalang ay hindi itinuturing na sa biyaya, kundi sa utang. Mga Taga-Roma 4:4

Kung ibabalik isasauli mo lang ang pera mo sa bulsa mo at iaabot ang iyong walang lamang kamay at duon lang niya muling ibibigay at igagawad ang regalo sa iyo.

Katulad din nito ang katotohan ng pagbibigay ng Diyos ng buhay na walang hanggan. Ang mga tao ay nagnanais na bilhin ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagsunod sa Sampung Utos, mamuhay ng maayos, magsimba, o iba pang relihiyosong gawain. Pero hindi gagawin ng Diyos na magkautang Siya sa kaninuman! Wala Siyang “utang” na buhay na walang hanggan sa kaninuman. Ibibigay lamang Niya ito bilang regalo!

BIYAYA: ITO AY KAILANGAN NA WALANG BAYAD

Kapag ang tao ay nagsikap na magkaroon ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng kanyang sariling mga gawa, hindi na niya tinatanggap ang bigay ng Diyos na buhay na walang hanggan bilang walang bayad na regalo, samakatuwid ay, sa pamamagitan ng “Biyaya.”

Nguni't kung ito ay maging sa mga gawa, kung gayon ito ay hindi na sa biyaya.
Mga Taga-Roma 11:6b

Subalit sa pamamagitan lamang ng Kanyang “biyaya” na ang Diyos ay magliligtas sa atin!


Ito ay sapagkat sa biyaya kayo naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito ay hindi sa inyong sarili, ito ay kaloob ng Diyos. Ito ay hindi dahil sa gawa upang hindi magmalaki ang sinuman.

Mga Taga-Efeso 2:8-9

Samakatuwid, itinuturo ng Kasulatan na binabawi ng Diyos ang inaalok na buhay na walang hanggan sa sinumang nagnanais na makuha ito sa pamamagitan ng kanilang mga gawa, sa gayon ay minamaliit nila ang Diyos sa pamamagitan ng pagnanais na gawin Siyang may utang sa makasalanang tao.

Kung kayo ay pinapaging-matuwid ng kautusan, kayo ay napahitwalay na kay Kristo. Nahulog na kayo mula sa biyaya.

Mga Taga-Galacia 5:4



Inaalok ng Diyos ang buhay na walang hanggan bilang walang bayad na regalo. Kailangan nating tanggapin ito bilang walang bayad na regalo, o hindi na lang.

Samakatuwid, ang tangkain na magkaroon ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng mga gawa ng mga batas ay pagtangga sa tanging paraan na inaalok ng Diyos na buhay na walang hanggan, samakatuwid ay, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. At kapag tinanggihan ng tao ang biyayang inaalok ng Diyos na buhay na walang hanggan, ay kusa niyang pinipili na harapin ang walang hanggang kaparusahan!

PAGSISISI: Ang pagsisisi malamang ang salita na pinakamaraming mali ang pagkakaunawa.

ANO ANG PAGSISISI NA HINDI MAKARAGLILIGTAS:

1. Ang pagsisising nakapagliligtas ay hindi tungkol sa paghindi ng paumanhin sa iyong kasalanan.
2. Ang pagsisising nakapagliligtas ay hindi tungkol sa pagtalikod sa kasalanan o pagbabagong buhay.
3. Ang pagsisising nakapagliligtas ay hindi tungkol sa pagnanais na ibaling ang iyong buhay sa Diyos upang sa gayon ay gabayan ka Niya sa tamang landas.

Ang pagsisising nakapagliligtas sa katunayan ay walang magagawa upang panghinayangan ang iyong mga kasalanan o magpasiya na talikuran ang mga ito. Nais ng Diyos na ilagtas ka, kung ano man ang kalagayan mo. Sabi ng Biblia:

Ngunit ipinakita ng Diyos ang kaniyang pag-ibig sa atin na nang tayo ay makasalanan pa, si Kristo ay namatay para sa atin.

Mga Taga-Roma 5:8

ANO ANG PAGSISISI NA MAKAPAGLILIGTAS: Ang pagsisisi na makapagliligtas ay ang paghinto mo sa pagtitiwala sa relihiyon, mga ritual, o pagsunod sa utos ng Diyos upang magtamo ng buhay na walang hanggang.

Ang salitang “pagsisisi” ay nang galing sa salitang Griego na ang kahulugan ay “pagbabago ng isipan.” Sa kanya na naniniwala na ang buhay na walang hanggang ay matatamo sa pamamagitan ng mabuting gawa ay inutusan sa Kasulatan na magbago ng isipan o magsisi Sila ay sinabihan na ihinto ang pagtitiwala sa kanilang mga gawa at lumapit sa Diyos na ang tanging batayan ay ang biyaya sa pamamagitan ng pamanampalataya.

Sa Mateo 3:7-9, ang mga reliyosong tao ay naniniwala na sila ay pupunta sa langit sa kadahilanang sila ay nagmula sa lipi ni Abraham, ama ng mga Judio. Ang Diyos mismo ang pumili ng lahi Judio at nagtatag ng relihiyon nito. Ang mga taong ito ay naniniwala dahil sila ay nasa tamang relihiyon, sapat na ito upang makapunta sila sa langit. Sinabi ni Juan Bautista sa kanila na kailangan silang magsisi. Ibig sabihin, na ihinto na nila ang pagtitiwala relihiyon upang pumunta sa langit.

Sa Lukas 13:1-5 ay nagkukuwento ng isang tore sa Jerusalem na gumuho na ikinamatay ng 18 katao. Ang Hudyo ay naghahanap nang kasagutan sa kanyang kaisipan sa nangyaring sakuna. Napagtanto nila na Diyos lamang ang nakakaalam ng kaisipan at gawi ng tao. Marahil kanilang inisip na yaong labing-walong katao sa tore sa

Siloam na nasawi ay ang pinakamasamang tao sa Jerusalem. Tinipon sila ng Diyos at sa takdang panahon upang ipataw ng Diyos ang Kanyang matuwid na hatol sa kanila. Ito, samantala ay nangangahulugan na ang tanging mga pinakamasama ay karapat-dapat sa hatol ng Diyos. At iyong mga natira (mga di namatay sa pagguho) ay tila nabuhay ng mabuti kaya hindi napasailalim sa hatol ng Diyos. Ang paniwalaan ang ganitong uri ng kaisipan, samantala, ay paniniwala rin na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan. Nagbigay ng babala si Hesus sa mga naniniwala sa ganitong pamamaraan, na sila ay nahaharap sa walang hanggang kapahamakan. Inutusan Niya sila na magsisi -- iwanan ang lahat ng pag-asa na nasa pagtatamo ng matuwid na katayuan sa harap ng Diyos sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan, at magtiwala sa Diyos lamang para sa kanilang ikaliligtas.


Sa Hebreo 9:9-14 tinawag ng Biblia na ang mga sakramento o ritual na pagrelihiyon upang sa pamamagitan nito ay masubukang abutin ng tao ang Diyos bilang mga “gawang patay.” Sa mga naunang kabanata, ang may akda ay sinabi sa atin sa Hebreo 6:1 na “ang saligan ng Kristianong pananampalataya sa Diyos. Ang ibig sabihin nito, ay kailangan tigilan ng tao ang pagtitiwal sa mga gawang patay (relihiyosong ritwal, mga sakramento, atb.) bago niya magamit ang tunay na pananampalataya sa Diyos na nakapagliligtas.

Ang utos ng Bibliya ay maliwanag. Kung ang tao ay mananalig sa kanyang relihiyon upang makapunta sa langit, kailangan siyang magsisi (Mateo 3:7-9). Kung siya naman ay nananalig na ang pagsunod sa batas ng Diyos ay kailangan upang makapunta sa langit, kilangan siyang magsisi (Lukas 13:1-5). At kung siya ay nananiwala sa pagsasagawa ng mga ritwal na pangrelihiyon o mga sakramento upang maligtas, ay kailangan siyang magsisisi, at itigil ang pagtitiwala sa anumang bagay na iyon upang maligtas siya (Hebreo 6:1) Katulad ng tao sa pahina 14, kailangan niyang ibalik ang kanyang “salapi” sa kanyang bulsa at tinanggap ang buhay na hanggan bilang regalo na walang bayad!

Ang pananampalataya kay Hesus ay di makapagliligtas sayo, habang ikaw ay nanalig sa Kanya kasabay no nananalig ka rin na ang bawtismo, pagsisimba, o pagtupad sa sampung utos ng Diyos ay “makakatulong” sa iyo upang makarating ka sa langit. Hindi puwede na idadagdag mo si Hesus sa mga listahan ng iba pang mga bagay na kailangan mong gawin o kailangan “maging” ikaw upang makapunta ka sa langit. Kailangan mong itakwil ito sapagkat walang halaga o saysay ito para sa kaligtasan kundi magtiwala ka lamang kay Hesus-Kristo.

ANG PAGSISISING NAKAPAGLILIGTAS

KALIGTASAN SA PAMAMAGITAN



Salamat nalang!
Hindi ko kailangan
ang mga bagay na
iyan upang
maligtas!



KUNG ANG PANANAMPALATAYA AY ANG KAMAY NA TUMATANGGAP NG KALIGTASAN SA PAMAMAGITAN NI HESU-KRISTO, ANG PAGSISISI AY ANG KAMAY DIN NA TUMATANGGI SA KALIGTASAN SA IBA PANG PARAAN.

Ang pananampalataya na nagliligtas ay hindi lang pinagtitiyap na ang kamatayan ni Hesus ay “kailangan”, kailangang mapagtitiyap din nito na ang Kanyang kamatayan ay sapat na! Na ito ay sapat na bilang kabayaran sa iyong kasalanan hiwalay sa anumang pagsisikap at gawang mabuti ng tao at ito ay libreng regalo matatamo lamang sa pamamagitan ng pananampalataya, at hiwalay sa anumang pagsisikap at gawang mabuti ng tao. (Tingnan sa Galatia 2:21, 3:10-14, 4:5)

Bumalik sa pahina 3. Ano ang iyong kasagutan sa tanong na bakit ka papasukin ng Diyos sa langit? Kung sasabihin mo na kailangan nang mong mabautismohan, mabuhay ng mabuti, o ano pa mang bagay maliban sa simpleng pagtitiwala kay Hesus, kailangan mong magsisi. Kailangan mong huminto sa pagtitiwala sa anumang pangrelihiyong bagay na iyong nagawa at gaganapin pa lamang, at magtiwala kay Kristo lamang.

SA PAGBUBUOD:


Dahil ang kasalanan ay nagpapahiwalay sa tao sa Diyos, at dahil nabayaran na ni Hesus ang ating mga kasalanan sa krus, tao ay maaari na ngayong magkaroon ng kaugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Hesu-Kristo.

Sinabi ni Jesus sa kaniya: “Ako ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Walang sinumang makakapunta sa Ama maliban sa pamamagitan ko.”
Juan 14:6

Kaligtasan

(Ipinahayag na “wala nang sala” sa lahat ng iyong mga kasalanan at may katiyakan ng buhay na walang hanggang)

KALIGTASAN SA PAMAMAGITAN



IBINI-GAY NA WALANG BAYAD SA BAWAT ISANG NA

1. Magsisisi sa mga patay na gawa



A. Na si Hesus ay Diyos



B. Na Siya ay namatay para sa ating mga kasalanan

C. Na Siya ay muling na buhay mula sa mga patay.

2. at nananampalataya

Kahit minsan ba ikaw ay naniwala na kailangan mong mabuhay sa pamantayan ng kabutihan o isagawa ang mga alituntunin na pangrelihiyon upang makapunta sa langit?

Ikaw ba'y nagtitiwala pa rin sa mga bagay na ito, na siyang makapagliligtas sayo?

Ngayon, sa abot ng iyong pagkakaunawa, nagtitiwala ka ba sa kung ano ang ginawa ni Hesus sa krus para sa iyo na ito lang ang kailangan mo upang maalis ang iyong mga kasalanan at makatiyak ka ng lugar sa langit?

OO HINDI

Naunawaan mo ba ang ginawa ni Hesus sa krus para sa'yo? Maaari mo ba itong ipaliwanag ngayon sa pamamagitan ng iyong sariling pananalita?

Mayroon na bang nakapagpaliwanag nito sa iyo sa ganitong pamamaraan?

KATIYAKAN

Kung inilagay mo ang iyong pananampalataya kay Kristo lamang, at kung ikaw ay mamatay ngayong gabi, nakatitiyak ka bang pupunta ka sa langit? Sinabi ni Hesus:

Katotohanang, katotohanang, sinasabi ko sa inyo, Siya na nakikinig ng akting salita, at nananampalataya sa kaniya na nagsugo sa akin, ay may walang-hanggang buhay, at hindi makaararating sa kahatulan; kundi inilipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay. Juan 5:24

Katotohanang, katotohanang, sinasabi ko sa inyo Paano nakatitiyak si Hesus dito?

Siya na nakikinig ng Akting Salita Narinig mo ba ang mga salita ni Kristo sa mga pahina ng aklat na ito?

At nananampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin... Naniniwala ka bang ipinadala ng Diyos si Hesus upang mamatay sa iyong lugar?

Ay may walang-hanggang buhay Sinasabi ba dito na matatanggap mo ito sa mga darating na oras o natanggap mo na agad ito?

At hindi makaararating sa kahatulan Sinasabi ba ng Bibliya na “maaaring hindi” or “siguradong hindi?”

kundi inilipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay. Sa anong sandali nakalipat ang isang tao mula sa kamatayan tungo sa buhay?

Ayon sa bersikulong ito, paano ka nakatitiyak na ikaw ay totoong naligtas?

Maaari kang makatiyak na ikaw ay totoong naligtas kung ang iyong buhay ay nagsimulang magbago, nakikita na ang Diyos ay tunay na nasa iyong buhay.

Maaari kang makatiyak na ikaw ay totoong naligtas kung maraming taon mula ngayon ay nanantili kang lumalakad kay Kristo.

Maaari kang makatiyak na ikaw ay totoong naligtas kung ikaw ay nagtataglay ng bunga ng mabuting gawa.

Maaari kang makatiyak na ikaw ay totoong naligtas kung narinig mo ang ebanghelyo at pinaniwalaan mo ito.

(Basahin din 1 Juan 5:10-13.)

WALANG HANGGANG KASIGURADUHAN

Kung ikaw ay mahuhulog sa pagkakasala bukas, o sa isang buwan, possible bang mawala sa iyo ang regalo ng walang hanggang buhay? Sinasabi sa Biblia:

Na sa pamamagitan ng kaloobang ito tayo ay pinabanal sa pamamagitan ng paghahandog ng katawan ni Hesu-Kristo minsan magpakailan man. At ang bawa't saserdote ay tumatayo araw-araw na naglilingkod at naghahandog kadalasan ng gayon ding mga handog, na hindi kailanman makapag-aalis ng mga kasalanan: Nguni't ang lalaking ito, pagkatapos Niyang maihandog ang isang hain para sa mga kasalanan magpakailan man, ay umupo sa kanang kamay ng Diyos; Sapagka't sa pamamagitan ng iisang paghahandog ay napasakdal Niya magpakailan man sila na mga pinabanal. Mga Hebreo 10:10-12,14

Ayon sa Biblia, alin ba mga kasalanan mo ang binayaran ni Hesus nang siya ay mamatay?

Ang mga kasalanan mo noon.

Ang mga kasalanan mo noon at ngayon.

Lahat ng iyong mga kasalanan magpakailanman: sa hinaharap.

Ayon sa bersikulong ito, gaano kadalas na ikaw ay pinasakdal (ginawang banal) sa pamamagitan ng kamatayan ni Hesu-Kristo?

Isang beses sa isang lingo.

Isang beses sa tuwing ikukumpisal pinapahayag at hinihingi mo nang kapatawaran ang iyong huling nagawang kasalanan.

Isang beses sa isang buwan.

Minsan magpakailan man.

WALANG HANGGANG KASIGURADUHAN: ANG KINAKAILANGANG KATAPUSAN NANG PAGKAMATAY NG ATING PANGINOON

Ang isa na hindi mawawala na kaloob ng walang hanggang buhay dahil sa kasalanan. Ito ang pinakapangunahing dahilan nang pagkamatay ni Kristo... ang bayaran ang iyong mga kasalanan! Ito ay dahil Siya ay namatay upang bayaran ang lahat ng iyong mga kasalanan – noon ngayon at sa hinaharap – upang maipahayag ka Niya minsan magpakailan man na walang sala . . . hindi lamang ang mga kasalanan mo noon kindi lahat ng iyong pagkakasala: noon, ngayon at sa hinaharap! Ang pagtanggap mo na paniwalaan ito ay pagtanggap mo rin sa natatanging ebanghelyo mismo! (Suriin muli ang mga pahina 7-11).

WALANG HANGGANG KASIGURADUHAN: ISANG KINAKAILANGANG KATAPUSANNG BIYAYA

Kung pagkatapos mong magtiwala kay Kristo, kinakailangan mong sundin ang mga kautusan ng Diyos upang “manatiling ligtas”...

Matapat mo bang masasabi na ang buhay na walang hanggan ay sa pamamagitan ng biyaya (isang regalo na walang bayad)?

OO HINDI

○

Iyon ba ay nangangahulugan na ang iyong kaligtasan ay lubusang nakasalalay sa mga gawa ng kautusan?

Samakatuwid, kung ang isang tao ay tahasang ikinakaila ang turo ng Bibliya patungkol sa walang hanggang kasiguraduhan, paano ba talaga niya nais maabot ang Diyos, sa pamamagitan ba ng biyaya o sa pagtupad ng kautusan?

Mayroon bang pinawawalang-sala (maliligtas) sa ganitong paraan? (Suriin muli ang mga pahina 14-15).

Paano nga ba pinawawalang-sala ang isang tao, ayon sa Bibliya? (Tingnan ang Mga taga-Roma 3:28 upang makatulong sa iyo)

Sa ibang talata ng Bibliya, ang sabi ni Hesus:

Ang akíng mga tupa ay nakikínig sa tinig ko, at nakikilalakó sila, at sila ay sumusunod sa akín: At ako ay nagbibigay sa kanila ng walang-hanggang buhay; at sila ay hindi kailanman mapapahamak, ni maaagaw sila ng sinumang tao mula sa akíng kamay. Ang akíng Ama, na nagbigay sa kanila sa akín, ay lalaong dakíla kaysa sa lahat; at walang taong makakayang agawin sila mula sa kamay ng akíng Ama. Juan 10:27-29

Sa nasa itaas na mga bersikulo, anong uri ng buhay ang sinabi ni Hesus na Kanyang ibinibigay?

Pansamantala May Kapalit o Kondisyunal Walang Hanggan

Kung ito ay tunay na walang hanggan tulad ng sinabi ni Hesus, ito ba ay maaaring mawala?

Sa bersikulong nabanggit, sino ang sinasabi ni Hesus na nakakahigit sa lahat?

Gaano ba dapat kadakila ang isang tao upang maialis niya ang kanyang sarili sa mahigpit na pagkakahawak ng Diyos?

Mas nakakahigit ka ba kaysa sa Diyos?

Sa pagsaalang-alang ng bersikulong ito, kung naniwala ka sa ebanghelyo ng kaligtasan, maaari din kayang makagawa ka ng isang bagay na magresulta ng walang hanggang kahatulan ng Diyos?

(Para sa karagdagang mga sipi patungkol sa walang hanggang kasiguraduhan tingnan ang: Mga Taga-Roma 8:37-39; Mga Taga-Efeso 1:13-14; Juan 6:37-40; Hebreo 13:5)

KUNG GAYON, MAGPAPATULOY BA TAYO SA PAGKAKASALA?

Bagama't walang kasalanan ang makapag-aalis kailanman ng buhay na walang hanggan sa isang mananampalataya na ibinigay sa kaniya ng walang bayad nang minsan magpakailan pa man, gayon pa man, ang kasalanan ay may mga malubhang kahihinatnan sa ating buhay ngayon at sa hinaharap.

Una, may mga likas na mga kahihinatnan ang kasalanan.

Ang isang taong labis na umiinom ng alak ay maaaring mapatay ang kanyang sarili o isang inosenteng biktima sa isang aksidente sa pagmamaneho ng sasakyan. Ang isang tao na patuloy sa paggawa ng immoral o mahalay na mga gawain ay maaaring magkaroon ng AIDS at mamatay. Ang makilala si Kristo bilang Tagapagligtas ay makapagligtas sa isang tao mula sa impiyerno, subalit hindi nito maililigtas ang isang tao mula sa mga masamang kahihinatnan ng makasalanan o hangal na pamumuhay. (Tingnan ang Mga Taga-Galacia 6:7-8; Santiago 2:14-17).

Pangalawa, may mga walang hanggang kahihinatnan ang kasalanan.

Ang makatanggap ng libreng tiket sa isang kapanapang pampalakasan ay makakatiyak para sa isang tao na pumasok sa isang malaking palaruan, subalit hindi nito matitiyak ang pag-upo sa unahan. Katulad ng pagtanggap ng regalo na buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu-Kristo, ay makatitiyak sa isang tao ng pagpasok sa walang hanggang kaharian ng Diyos, pero hindi makatitiyak ang taong iyon na magkakaroon siya ng mataas na posisyon sa kaharian na iyon! Ang ating katayuan sa langit at ang mga gantimpala na kalakip ng katayuang iyon ay buong nakabatay sa banal na pamumuhay at maka-Diyos na mga gawain na nahahayag sa buhay natin ngayon. (1 Corinto 3:11-17, 9:24-27; 2 Corinto 5:10-11). Samantalang, ang mga kalayawan ng kasalanan sa buhay na ito ay maaaring magmukhang mas mahalaga kay sa pag-asa ng hinaharap na gantimpala sa langit. Itinuturo ng Kasulatan na ang mga taong ipinagpapalit ang kanilang “mana” (mga gantimpala mula sa langit sa hinaharap) sa mga kalayawan ng kasalanan ay tatangis ng walang tigil baling-araw kapag nakita nila ang mga gantimpalang di-mailarawan na kanilang naiwala noong ipagpatuloy nila ang kanilang mga makasalananang kalayawan sa buhay na ito. (Hebreo 12:14-17; Lukas 19:11-27; Mateo 25:14-30).


MAGING MATIBAY SA IYONG PANANAMPALATAYA

Sa darating na mga araw si Satanas ay magsisimulang sumalakay para subukang pahinain ang iyong pananampalataya kay Kristo. (1 Pedro 5:8; Mga Taga-Efeso 6:16; Mateo 13:3-23).

Ang ilan sa kanyang pangunahing mga layunin ay ang:

1. Magtanim ng pag-aalmlangan at kawalang pag-asa upang nakawin sa iyo ang kagalakan at kasiguraduhan ng iyong buhay na walang-hanggan.
2. Iligaw ka upang mahadlangan ang paglago mo sa kaalaman ng katotohanan, at
3. Ilayo ka sa ginagawa mong pagbabahagi ng iyong pananampalataya kay Kristo sa mga tao.

Narito ang ilang paraan kung paano ka maging matatag laban sa kanyang pagsalakay.




ANG KALASAG NG PANANAMPALATAYA: MGA TAGA-EFESO 6:10-17

1. Dahil ang ebanghelyo ay ang batong panulok ng pananampalatayang Kristiyano, si Satanas ay kaagad magsisimula ng kanyang pagsalakay upang subukan kang lituhin patungkol sa katotohanan ng ebanghelyo. Para matagalan ang pagsalakay na iyong haharapin, kailangan mong maging matibay sa katotohanan ng ebanghelyo. Para magawa ito, magpasiya ka ngayon na babasahin mo ang munting aklat na ito minsan isang araw sa loob ng isang buwan. Huwag kang titigil pagkatapos ng sampu o labinglimang araw kahit maisaulo mo na ito! At higit sa lahat, huwag mong hayaang pahinain ni Satanas ang iyong loob sa pamamagitan ng pagsabi sa iyo na “wala kang panahon,” o kaya naman ay mayroon kang “mas mahalagang bagay na gagawin.” Ito ay pangunahing tanda ng kasinungalingan ni Satanas. Huwag mo itong paniniwalaan. (Mateo 13:1-9, 18-23, 8:21-22, Lukas 10:38-42, 12:16-31, 14:16-20; Mga Taga-Efeso 5:16).

2. Huwag mong sikaping magkaroon ng kasiguraduhan ng iyong relasyon kay Kristo o lumago sa katotohanang ispiritwal sa pamamagitan ng “kakaibang nararamdaman” o “bumubulong” sa loob ng iyong isipan. Anuman ang “nararamdaman” natin sa ating puso ay hindi mapagkakatiwalaang gabay sa katotohanang ispiritwal na hindi katulad nang katotohanang may kinalaman sa matematika at heograpiya. Magbibiyahe ka ba ng daan-daang kilometro sa mga daan sa bundok na mahamog ng walang giya at naniniwala lamang sa iyong “pakiramdam?” Siyempre hindi! Subalit sa ganitong paraan, maraming tao ang may kamangmangang sinusubukang ipamahay ang kanilang buhay Kristiyano!
3. Upang tayo ay lumago sa ispiritwal na katotohanan, ang Diyos ay nagbigay sa atin ng pinagmumulan ng katotohanan na siyang tiyak at walang pagbabago. Ito ay tinatawag na Bibliya. Subukan mong basahin ang iyong Bibliya araw-araw. Simulan mo sa pagbabasa ng Aklat ng Mga Taga-Galacia. Ito ay pagtatanggol ni Apostol Pablo sa ebanghelyo at sa doktrina ng biyaya. Magbasa ng isang kabanata bawat araw hanggang mabasa mo ang buong aklat (anim na kabanata) ng limang beses. Ito ay magtatagal ng isang buwan. Sa susunod na buwan, basahin ang buong aklat minsan isang araw. Ito ang magpapatibay sa iyo sa ilan sa mga pinaka-saligan at mga mahalagang doktrina ng pananampalatayang Kristiyano na nagbibigay ng uri ng pundasyon na kinakailangan para sa tamang paglagong Kristiyano.

ANG MGA DAMDAMIN AY
MAARING MGA BULONG NI
SATANAS.

~~Mga Pakiramdam
Mga Boses Mula sa
Langit
Kakaibang Mga Kara-
nasan
Kinikilabutan~~



Kaya nga ang pananam-palataya ay dumarating sa pamamagitan ng pakikinig, at ang pakikinig sa pamamagitan ng salita ng Diyos.

Mga Taga-Roma 10:17

4. Sa oras na ikaw ay maging matibay na sa iyong pagkaunawa sa ebanghelyo, humanap ka ng tamang simbahan. Para magawa mo ito, tanungin mo ang pastor kung paano pupunta sa langit ang isang tao. Kung sasabihin niya na ito ay sa pamamagitan ng maayos na pamumuhay, pagsunod sa Sampung Utos, bawtismo, kumpisal, pag-anib sa isang simbahan o iba pang maling sagot – magalang kang tumalikod at humanap ng ibang simbahan. Kung ang pastor ay hindi man lamang alam ang ebanghelyo, ang pinakasaligang paniniwala sa pananampalatayang Kristiyano, sa gayon ay hindi man lamang nila alam ang pangunahing bagay tungkol sa Kristiyanismo! Bakit mo gugustuhing pumunta sa isang simbahan na ang pastor ay hindi man lamang alam kung papaano pupunta sa langit? Sa halip, humanap ka ng mabuting simbahan.

PASALAMATAN ANG DIYOS ARAW-ARAW

Ayon sa Bibliya, maraming kahanga-hangang bagay ang naganap sa iyo nang oras na naunawaan mo ang ebanghelyo at nagtiwala ka kay Kristo lamang bilang iyong Tagapagligtas.

- ◆ Tinanggap mo ang pagpapawalang sala sa lahat ng iyong mga kasalana, nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. (Mga Taga-Roma 5:1)
- ◆ Tinanggap mo ang buhay na walang hanggan bilang walang bayad na regalo. (Juan 5:24, 10:28)
- ◆ May kasiguraduhan ka ng pagtungo sa langit. (Juan 14:1-3)
- ◆ Ikaw ay naging anak ng Diyos. (Juan 1:12)
- ◆ Nagkaroon ka ng kaibigan na nauunawaan ang iyong pinagdaraan, at nariyan upang tulungan ka sa oras ng pangangailangan. (Hebreo 2:18, 4:15-16; Awit 68:5)

Sa Lukas 17:11-19, nagpagaling si Hesus ng sampung may ketong, at siyam sa kanila ay umalis ng masaya na hindi man lamang nagpasalamat sa Kanya! Upang hindi mo tularan ang halimbawa ng siyam na may ketong na hindi marunong magpasalamat, maaari mong ipakita ang iyong mga pasalamat sa Diyos sa kung ano ang mga ginawa Niya para sa iyo sa pamamagitan ng pamumuhay sa kaugaliang nakalulugod sa Kanya, sinusunod ang Kanyang mga utos at lumalakad ayon sa Kanyang Salita. (Lukas 7:40-43; 1 Juan 4:19; Juan 14:21).

IBAHAGI MO ANG EBANGHELYO

Isipin mo na isang araw ikaw ay naglalakad sa tabi ng daan, at ang piano na itinataas sa ikasampung palapag ng isang paupahang gusali ay natanggal ang pagkakatali at ito ay pabagsak sa iyo ng hindi mo nalalaman. Pagdaka ay may isang tao na hindi mo kakilala ang biglang tumakbo palapit sa iyo at itinulak ka para mailigtas, para lamang siya ang mabagsakan ng nahuhulog na piano. Habang malapit na siyang mamatay, nanginginginig ang kanyang kamay na kinuha ang isang liham sa kanyang bulsa at sinabi sa iyo na kuhanin mo at ihatid mo para sa kanya. Gagawin mo ba ito? Siyempre, gagawin mo!

Si Hesus, na namatay para iligtas ka, ay nag-iwan ng kaparehong liham sa iyo. Ang liham na iyon ay tinatawag na Ebanghelyo. At sinabi niya sa kanila, “Humayo kayo sa buong sanlibutan, ‘at ipangaral ang ebanghelyo sa bawat nilalang.’” Marcos 16:15. (Basahin din ang Mateo 28:18-20, Mga Gawa 1:8, Mga Taga-Roma 10:14-15). Malugod mo bang tatanggapin ang liham na iniwan sa iyo ni Hesus at sisikapin gawin ang Kanyang pakiusap?

Kung payag ka, tanungin mo lamang ang isang kaibigan o kakilala: “May nagturo na ba sa iyo mula sa Bibliya kung paano ka makakatiyak na pupunta ka sa langit kapag ikaw ay namatay?” Kung sinabi niyang “wala pa,” sabihin mo lamang, “Maaari bang ituro ko sa iyo?” Karamihan sa mga tao ay masasabik na malaman kung paano sila makakatiyak na pumunta sa langit. Kung sila ay interesado, maupo lamang kayo at maglaan ng oras na ibahagi ang nilalaman ng munting aklat na ito sa kanila. Habang buhay silang magpapasalamat!

TUNGKOL SA MALIIT NA AKLAT NG EBANGHELYO

Sa ngayon, iba’t-ibang klase ng mga mensahe ng “ebanghelyo” ang dumadagsa sa radyo, telebisyon, at pulpito sa buong mundo. Sila ay sumasaklaw mula sa mga madamdaming alok na nanghihikayat sa makasalanan upang “anyayahan si Hesus sa kanyang puso,” hanggang sa may pananakot na pagpapaalaala na nag-uutos sa hindi mananampalata na “pagsisihan ang kanyang mga kasalanan.” Hindi na nakakagulat, ang mananampalataya at hindi mananampalataya ay kapwa ngayong nasa kalagayan ng lubusang pagkalito. Kahit na malinaw at tama ang pagkakabahagi ng ebanghelyo, kadalasang sinasala ng tagapakinig ang mga salita ng isang mangangaral ayon sa mga naunang maling ebanghelyo na kanyang napakinggan, kaya hindi niya maunawaan ang mensahe ng kaligtasan ni Hesu-Kristo. Sa ganitong pag-iisip, Ang Munting Aklat ng Ebanghelyo ay naisulat hindi lamang upang ipaliwanag at isalarawan ang mga konsepto na mahalaga para sa pananampalatayang nakakapagligtas tulad ng nakapagbabayad na pagkamatay ng ating Panginoon at ng katuruan ng biyaya, subalit upang magsalita at itama ang mga maling katuruan na kadalasang nauugnay sa Kristiyanong ebanghelyo. Ang paglilinaw sa maraming masalimuot na isyung teolohiya dito sa maiksi at madaling basahing munting aklat ay inabot ng kulang sa limang taon ng pagsusulat at pagsasaayos. Wala tayong alam na ibang babasahin ngayon na nailathala na nagpapahayag ng mas malinaw at tamang ebanghelyo.

TUNGKOL SA SUMULAT

Si Ron Shea ay nagkaroon ng apat na taong libreng pag-aaral sa Villanova University mula sa United States Navy. Pagkatapos makamit ang bachelor of electrical engineering, siya ay naglingkod bilang isang naval officer. At pagkatapos ng kanyang naval service, nag-aral din siya sa Dallas Theological Seminary kung saan kinuha niya ang New Testament Literature at Exegesis, na isinalin ang buong Bagong Tipan mula sa orihinal na salitang Griyego. Siya ay nagtapos ng may karangalan mula sa apat na taong programa ng Master of Theology. Siya ay nagpatuloy upang magkaroon ng titulong Doctor of Jurisprudence mula sa University of California, Hastings College of Law, kung saan nakamit niya ang mga karangalan sa Admiralty, Jurisprudence, at Oral Argument. Nagpastor siya sa mga iglesia sa New Orleans at San Francisco, at siyang nagtatag at pangulo ng Clear Gospel Ministries.

Ang walang hanggang patutunguhan ng isang tao ay dumede-
pende sa kung ano ang gagawin niya kay Kristo; samakatuwid,
ang gawing malinaw ang Ebanghelyo ang pinakamahalagang ba-
gay sa mundo. Ang munting aklat na ito ang tumutupad sa iyon.
Natatangi ang paghanga ko sa payak subalit masusing pagtal-
akay nito sa pagsisisi. Ang munting aklat na ito ay magiging isang
kapaki-pakinabang na gamit sa mga kamay ng sinomang magnais
na akayin ang iba patungo kay Kristo.

Dr. Curtis Hutson, Pangulo at Editor, Sword of the Lord

Ang paglilinaw ng salitang “magsisi” ay magaling. Iniisip ng
karamihan sa mga tao na ito ay pagtalikod sa kasalanan kaysa
pagbabago ng kanilang isip tungkol sa kung paano sila malilig-
tas. Nakagawa ka ng mahalagang ambag dito. Wala akong ibang
alam na munting aklat katulad ng sa’yo na nagawa ng maayos na
trabaho sa paglilinaw ng Ebanghelyo.

Earl D. Radmacher, M.A., Th.D., Chancellor at Profes-
sor ng Systematic Theology, Western Seminary.

Sa panahon kung kailan maraming beses na may mga paanyaya
tungkol sa kaligtasan na wala man lamang pagpapahalaga sa
kawastuhan nito, nakakaginhawang makita ang isang pahayag
tungkol sa Ebanghelyo sa kadalisayan at kapangyarihan nito katu-
lad ng pagpapa-kilala nito sa Bibliya. Para sa mga naghahanap ng
isang malinaw na paghahayag ng Ebanghelyo upang magamit sa
pag-akay sa mga tao patungo kay Kristo, ang munting aklat na ito
ang magiging sagot.

John F. Walvoord, Th.D., Chancellor
Dallas Theological Seminary

Mga Gawain Para sa Malinaw na Ebanghelyo (Clear Gospel Ministries)

Ang mga karagdagang kopya ng munting aklat na ito
ay maaring bilihin o makakuha mula sa:

www.cleargospel.org